

March • Kawasaki no neiro

(マーチ・かわさきのねいろ) 232



Upang ipag-diwang ang pang-walumpung taong anibersaryo ng Kawasaki, ang "Himig ng Kawasaki" kung saan ito'y nilikha ni Ken-ichi Shutto nang siya ay nasa ikatlong baitang ng Tachibana junior high school sa panahong ito ay napili at nagwagi ang kanyang gawain. Sa kasalukuyan, siya ay nasa ikalawang baitang ng senior high school ng Tama. (Ang musikang ito ay orihinal na likha ng Amerikanong kompositor na si G. James Burns. Ang kopya nito ay ipinamigay ng Education Committee sa lahat ng paaralan sa munisipalidad ng Kawasaki upang ito ay gamitin sa panahon ng "undokai" o sports day. Bukod sa mga paaralan, inaasahan ding ito ay mapapakinggan sa iba't ibang bahagi ng Kawasaki at magiging popular sa pandinig ng mga mamamayan. Kung kayo ay may katanungan tungkol sa "Himig ng Kawasaki" tumawag sa Education Committee ng Kawasaki City 044-200-3286.

Yumemigasaki Zoo

(春の動物園まつり)


233


Sa ika-26 araw ng Marso, linggo, gaganapin ang piyesta ng tagsibol sa Yumemigasaki Zoo. Dalawang beses gaganapin ang pagpapaliwanag ng mga tagapamahala ng parke sa oras ng alas 11 ng umaga at alas 2 ng hapon. Ipagbibigay –alam sa lahat ang mga katangian ng bawat hayop, at ang mga pamamaraan ng pag-alaga sa mga ito. May bahagi rin ang parke na kung saan mahahawakan at malalaman ang bigat ng deer antlers. Maaari ding makasakay sa pony, may mga binakurang lugar para sa mga calf at sheep upang mahawakan ang mga ito. Kasama rin sa kasiyahan ang "origami" o pagtupi ng hugis-hayop na gawa sa papel. Magtatanghal ding muli ang "The Banjo Stompers" na kung saan ang grupong ito ay gaganap ng may 40 minuto mula alas 2 ng hapon sa piyesta.

Makikita rin sa parkeng ito ang natatanging "Hartmann Zebra na matatagpuan lamang sa lugar na mabundok sa Southwest Africa. Sa buong mundo 360 lamang ang bilang ng Hartmann Zebra at 16 lamang ang natitira sa bansang Hapon pagkatapos mamatay ang 15 taong gulang na babaeng Hartmann Zebra na si Yumeko. Buntis itong namatay noong Agosto ng nakaraang taon. Samantalang sa tulong ng Kamine Zoo ng Hitachi City, Ibaraki Prefecture, muling magkakaroon ng babaeng Hartmann Zebra sa Kawasaki. Ang mag-asawang Midori at Billy ay inaasahang magkakaroon ng maraming supling..

Maraming ibentong gaganapin sa 26 ng Marso kaya't inaanyayahan ang lahat na dumalo sa piyestang ito upang makilahok at magsaya, at upang Makita sina Billy at midori.

Mararating ang Yumemigasaki Zoo ng may 20minutong paglalakad mula sa istaston ng Kashimada ng Nambu line. May bus din patungo rito mula west exit ng istasyon ng Kawasaki at 10minutong lakad mula pagbaba ng "Yumemigasaki Doubutsu Koen". Walang entrance fee at magbubukas ng 10 ng umaga at hanggang 3 ng hapon. Sa iba pang detalye, tumawag sa Yumemigasaki Animal Park:044-588-4030.





American football Worldcup sa Kawasaki

Ang pangatlong American Football Worldcup ay opisyal nang gaganapin sa Kawasaki sa 2007. Ang American Football Worldcup ay idinaraos tuwing ika-4 na taon at ang unang laro ay ginanap noong 1999. Naturingang pinaka sentro ng American Football sa Japan ang Kawasaki.

Kabilang dito ang mga mabibisang Adult Leagues Fujitsu Frontiers, Senshu University at Hosei-niko Football teams na kung saan regyular na naglalaro sa Kawasaki Studium. Mahigit 100 laro ang idinaraos sa buong taon.

Gaganapin ng mga sampung araw ang American Football Worldcup sa kalagitnaan ng buwan ng Hunyo at Hulyo sa mga lugar tulad ng Kawasaki Stadium at Todoroki Stadium.

Bilang tagapagtangkilik, ang Japan ay automatic na kasali sa American football world cup na may mga 6 na team ang magpapaligsahan upang kumpletong mapanalunan ang World championship. Inaasahang maging matagumpay ang American Football Worldcup 2007 sa pamamagitan ng kooperasyon ng Kawasaki Stadium at ng PR ng mga opisyaes ng paligsahan. Ang Japanese Team din ay inaasahang gagawin ang kanilang buong kakayanan upang manalo tulad ng nakaraang 1999 at 2003. Kung may mga katanungan tungkol sa American Football Worldcup, kumontak sa Kawasaki City's Park Management Section ng Environment Bureau: 044-200-2394.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:



Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

★ Silid—Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/